

PAMBANSANG PROGRAMA SA INSURANCE
SA BAHA

BAKIT KO KAILANGAN NG INSURANCE SA BAHA?



FEMA





Pagpapakilala ng Insurance sa Baha

ANO ANG BAHAG?

Posibleng bahain ang karamihan ng ari-arian kahit na malayo ang mga ito sa katubigan. Mula sa mga taong 2013 hanggang 2023, one-third ng mga claim sa Pambansang Programa sa Insurance sa Baha (NFIP, acronym sa Ingles) ay nagmula sa mga lugar na nasa labas ng kasalukuyang mga lugar na may mataas na peligro sa baha. Kaya, mahalagang protektahan ang buhay na binuo mo gamit ang insurance sa baha, kahit na nakatira ka sa isang lugar na may mababa hanggang katamtamang panganib sa pagbaha.

Ang opisyal na depinisyon ng baha na ginagamit ng NFIP ay:

1. “Isang pangkalahatan at pansamantalang kalagayan ng bahagya o lubos na pagkalubog ng dalawa o higit pang ektarya ng karaniwang tuyong bahagi ng lupa o ng dalawa o higit pang mga ari-arian (na ang isa sa mga ito ay iyong ari-arian) mula sa:
 - a. Pag-apaw ng tubig mula sa loob ng lupain o sa tabing-dagat;
 - b. Hindi karaniwan at mabilis na pag-ipon o pag-agos ng tubig sa ibabaw ng lupa na nanggagaling sa anumang pinagmulan;
 - c. Pag-agos ng putik.*
2. Pagguho o pagbagsak ng lupang malapit sa pampang ng lawa o katulad na anyong tubig bilang resulta ng erosion o undermining na dulot ng mga alon o agos ng tubig na lumalampas sa inaasahang taas ng mga siklo na nagreresulta sa pagbaha gaya ng inilalarawan sa itaas.”

**Ang pag-agos ng putik ay binibigyang-kahulugan bilang “Ilog ng likido at umaagos na putik sa mga ibabaw ng karaniwang tuyong lupain, tulad ng kapag ang lupa ay dinadala ng agos ng tubig. Ang ibang paggalaw ng lupa gaya ng pagguho ng lupa, slope failure, o isang saturated soil mass na gumagalaw sa pamamagitan ng pagiging matubig-tubig pababa sa isang slope, ay hindi mga pag-agos ng putik.”*



BAKIT KA DAPAT BUMILI NG INSURANCE SA BAHÀ?

Sa kasamaang palad, maraming mga may-ari ng ari-arian ang hindi nakakaalam na hindi sakop ng kanilang insurance policy ang pagbaha, maliban kung huli na ang lahat. Nag-aalok ang NFIP ng hiwalay na policy na pumoprotekta sa iyong pinakamahalagang financial asset—ang iyong tahanan o negosyo.



Alam mo ba?

Iniaatas ng pederal na pamahalaan na ang mga tahanan na matatagpuan sa isang espesyal na lugar na panganib sa baha (SFHA, acronym sa Ingles) ay maprotektahan ng insurance sa baha kung na-classify ang mga ito bilang isang security para sa mga pautang na sinusuportahan ng isang federally regulated lender. Dapat ipaalam ng mga lender sa mga nanghihiram ang requirement na ito bago ang pagsasara, kung ang kanilang ari-arian ay nasa isa sa mga lugar na ito. Puntahan ang Map Service Center sa msc.fema.gov (sa Ingles lang) para malaman pa ang tungkol sa iyong zone ng baha.

Mga Detalya ng Policy ng NFIP



COVERAGE NA GUSALI NG NFIP

Ang mga sumusunod na item ay isang sample ng mga sakop sa ilalim ng coverage ng gusali:

- Ang gusali at ang pundasyon ito;
- Carpet na permanenteng nakakabit sa sahig na walang pintura;
- Mga centralized na air-conditioner;
- Mga electrical system;
- Mga furnace at radiator;
- Mga ranges, kalan, at oven;
- Mga refrigerator; at
- Window blinds.

Para sa kumpletong listahan, tingnan ang iyong policy o kontakin ang iyong insurance agent.





CONTENTS COVERAGE NG NFIP




Nangungupahan ka man o nagmamay ari, siguraduhing tanungin ang iyong agent sa insurance sa baha tungkol sa coverage upang maprotektahan ang iyong personal na ari-arian. Puwede itong bilhin nang hiwalay, maging bilang dagdag sa coverage sa gusali o ito lang.

Karaniwang sakop ng contents coverage ang mga item tulad ng:

- Mga personal na gamit tulad ng damit, furniture, at electronic na kagamitan;
- Mga carpet;
- Mga washer at dryer;
- Mga freezer ng pagkain at ang pagkaing nandito; at
- Mga portable microwave oven at dishwasher.

Kung nangungupahan ka at gumawa ng mga pagpapaganda na ikaw ang gumastos, sakop ang ito hanggang sa 10% ng limitasyon ng pananagutan.

Para sa buong listahan ng mga coverage, tingnan ang iyong policy o kontakin ang iyong insurance agent.



MGA LIMIT SA COVERAGE NG NFIP

Puwede kang bumili ng insurance sa baha hanggang sa maximum na halaga ng insurance na available para sa mga sumusunod na uri ng ari-arian:

URI NG ARI-ARIAN	COVERAGE SA GUSALI	CONTENTS COVERAGE
Single-Family Home	\$250,000	\$100,000
Residential Mobile/Manufactured Home	\$250,000	\$100,000
Residential Condominium Unit sa Residential na Gusali	\$250,000	\$100,000
Inuupahang Tirahan (<i>halimbawa, apartment unit, rented single-family, atbp.</i>)	N/A	\$100,000
Mga Non-Residential na Gusali (<i>halimbawa, opisina, retail space, hotel, condominium, atbp.</i>)	\$500,000	\$500,000
Iba pang Non-Residential na Gusali (<i>halimbawa, pook-dalanginan, garahe, paaralan, clubhouse</i>)	\$500,000	\$500,000

INSURANCE SA BAHANG KUMPARA SA TULONG SA SAKUNA

Kung sakaling magbaha, ang tulong sa sakuna ay maaaring limitado o hindi available. Available lang ang pederal na tulong sa sakuna kung nagdeklara ang pangulo na may sakuna. Gayunpaman, ang iyong tahanan ay sakop ng insurance sa baha kahit na hindi magdeklara ng isang pederal na sakuna.

May dalawang anyo ang pederal na tulong sa sakuna: isang U.S. Small Business Administration (SBA, acronym sa Ingles) loan at pinansyal o direktang tulong mula sa FEMA. Dapat bayaran ang utang nang may interes, at ang tulong ng FEMA ay hindi ginawa upang mabayaran ang lahat ng pagkalugi na dulot ng isang pagbaha o magsilbi bilang kapalit ng insurance. Ang parehong opsyon ay may mahigpit na eligibility requirements batay sa indibidwal na pangangailangan, at maraming mga nakaligtas sa sakuna ang maaaring hindi maging kuwalipikado. Kung ikukumpara, ang mga insurance claim sa baha ay hindi kailangang bayaran at may average na \$52,000 mula 2019 hanggang 2023.

Para sa iba pang impormasyon, puntahan ang fema.gov/assistance (sa Ingles lang) o agents.floodsmart.gov/financial-recovery-flooding (sa Ingles lang).

Kailan Bibili

PUWEDE KANG BUMILI NG INSURANCE SA BAHANG ANUMANG ORAS.

Kadalasang may 30 araw na panahon ng paghihintay bago magkabisang ang policy, na may ilang exception.

- Kung una kang bumili ng insurance sa baha habang naka-secure, inaayos o nire-renew ang isang pautang para sa iyong property, walang panahon ng paghihintay. Magkabisang ang coverage kapag sarado na ang pautang.
- Kung nakatira ka sa isang lugar na bagong apektado ng pagbabago sa mapa ng baha, i-review ang iyong mga opsyon sa iyong agent ng insurance.
- Bukod pa rito, hindi maia-apply ang 30-araw na panahon ng paghihintay kung ang iyong property ay nakakaranas ng pinsala sa baha na dulot ng wildfire sa iyong komunidad. Alamin pa sa floodsmart.gov/policy-terms (sa Ingles lang).

Dahil alam mo ang mga exception na ito, magplano nang maaga upang hindi ka maabutan nang walang insurance. Hindi sakop ng mga NFIP policy ang mga kawalang dulot ng isang baha na naganap bago naging epektibo ang policy. Bukod dito, hindi mo puwedeng taasan ang iyong insurance coverage kapag nagsimula na ang baha.

Simulan ang iyong coverage sa lalong madaling panahon—kumuha ng quote ngayon sa pamamagitan ng pagkontak sa iyong insurer o tawagan ang FEMA Mapping and Insurance eXchange (FMIX, acronym sa Ingles) sa **(877) 336-2627** para sa tulong.



KARAGDAGANG GABAY AT IMPORMASYON SA PAGKONTAK

Ang NFIP ay may mahahalagang mga mapagkukunan na makakatulong sa iyong maunawaan ang insurance coverage sa baha at maikonekta ka sa impormasyong kailangan mo.

Upang makahanap ng insurance provider sa baha, gamitin ang aming online na tool sa floodsmart.gov/find (sa Ingles lang).

Bisitahin ang aming page sa Advocate ng Flood Insurance sa Baha sa fema.gov/flood-insurance/advocate (sa Ingles lang) para matuto pa tungkol sa patas na pagtrato sa mga policyholder at mga may-ari ng ari-arian.

Upang matuto pa tungkol sa pagbawi pagkatapos ng sakuna sa pagbaha, bisitahin ang fema.gov/tl/assistance/individual o i-review ang booklet para sa Pag-recover ng Pera Pagkatapos ng Baha sa agents.floodsmart.gov/financial-recovery-flooding (sa Ingles lang).

Sa msc.fema.gov/fmix (sa Ingles lang) mayroon kaming Customer Care Center na mga espesyalista na makakatulong sa iyo sa mga tanong tungkol sa mapping at insuarnace sa baha. Puwede mong kontakin sa FEMA Mapping and Insurance eXchange (FMIX, acronym sa Ingles) sa FEMA-FMIX@fema.dhs.gov o sa pagtawag sa **(877) 336-2627**.



FEMA



Ginawa ng Kongreso ang Pambansang Programa sa Insurance sa Baha (NFIP, acronym sa Ingles) noong 1968 para mabawasan ang pinsala ang baha sa hinaharap sa pamamagitan ng pamamahala sa mga binabahang lugar, at para mabigyan ang mga tao ng insurance sa baha sa pamamagitan ng mga indibidwal na ahente at kumpanya ng seguro. Pinapamahalaan ng FEMA ang NFIP. Para sa iba pang impormasyon tungkol sa insurance sa baha ng NFIP, tumawag sa **(800) 621-3362**.

Kung gumagamit ka ng serbisyo sa paghahatid, tulad ng serbisyong video relay (VRS, acronym sa Ingles), serbisyo sa may caption na tawag o iba pa, ibigay sa FEMA ang numero para sa serbisyong iyon.

Para sa pinaka-updated na bersyon ng resource na ito, puntahan ang agents.floodsmart.gov/bakit-ko-kailangan-ng-insurance-sa-baha.

Why Do I Need Flood Insurance? Brochure – Tagalog, February 2025

Pebrero 2025 | F-002TL